# PAG-ASA NA HINDI NAGBIBIGO

## A Lord's Flock Worship Service Topic

ni: Fr. Alex Balatbat

Agosto 15, 2026

Ang Ebanghelyo ni San Lucas 1:46-55:
*"Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon at ang aking espiritu'y nagagalak sa Diyos na aking Tagapagligtas, sapagkat nilingap niya akong kanyang abang alipin! Mula ngayon, ang lahat ng tao'y tatawagin akong mapalad; dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan. Siya'y banal. Ang Kanyang kahabagan ay para sa mga tao at sa lahat ng salinlahing may takot sa Kanya… "*

Ipinagdiriwang natin ang Pag-akyat sa Langit (Assumption) sa Mahal na Birheng Maria. Ang dakilang kapistahang ito ay paraan ng Diyos ng pagsasabi "*sa piling ko, mabubuhay ka nang may masidhing galak at matatag na pag-asa*." Kaya naman, kay Maria natin nakikita ang tunay na kahulugan ng pagmamahal, pag-asa, at pamumuhay sa piling ng Diyos.



1. **Ang Kapangyarihan ng Pagbati**
   Alin ang pinakamahalaga: pagbati, pagtuturo, o kwento?" Ang pagbati ang pinakamahalaga, kung wala ito, ang pagtuturo at kwento ay mababaw lamang at hindi magkakaroon ng tunay na kahulugan. Ang batiin ang kapwa ay pagpapadama na siya ay mahalaga. Nang marinig ni St. Elizabeth ang pagbati ni Maria, sinabi niya, "ang sanggol sa aking sinapupunan ay lumukso sa tuwa nang marinig ang iyong pagbati." Sa tuwing binabati natin ang Panginoon, sinasabi natin, "Panginoon, Ikaw ang pinakamahalaga sa akin."

2. **Ang Dakilang Kapistahan ng Pag-aakyat sa Langit ni Maria ay tungkol sa pagbati ng Diyos kay Maria.** "Aba Ginoong Maria." Ang pagbating natanggap niya ay pagbati din niya kay St. Elizabeth. Ang pagbati ng Panginoon ay pagkilala sa ating halaga. Nang marinig ni Maria ang pagbati, nagnilay siya at naunawaan ang uri ng buhay na naghihintay sa kanya.

3. **Ang Pag-aakyat sa langit kay Maria ay isang dogma.** Ito ay isang opisyal na pahayag ng Simbahan na ganap na totoo. Ipinahayag ito ni Papa Pio XII noong 1950 pagkatapos ng World War II; ang mundo ay muling nagsisimula. Ang mga tao ay nawawalan ng pag-asa at walang layunin sa buhay. Kaya naman, tumugon ang simbahan sa pamamagitan ng dogma ng Pag-aakyat sa Langit sa Mahal na Birhen. Ang pagbati ng Diyos sa atin ay isang buhay na puno ng layunin at pag-asa. Kaya, ang taong malapit sa Diyos ay hindi nawawalan ng pag-asa, kundi nakikita ang kagandahan ng buhay.

4. **Huwag mawalan ng pag-asa, ang pinakamabuting bahagi ng buhay ay parating pa lamang.** Hindi tumitigil ang Panginoon sa pagbati sa atin; patuloy Niyang ipinagdiriwang kung gaano tayo kahalaga sa Kanya. Ganyan Niya tayo kamahal - nakadipa ang mga kamay habang namamatay sa krus. Huwang tayong mawalan ng pag-asa dahil ipinangako ni Hesus, "Kasama mo Ako magpakailanman." Ang pag-asa sa Panginoon ay ang pag-asang hindi nabibigo.

5. **Ang langit ang ating patutunguhan.** Kapag nananahan si Hesus sa ating puso, mawawala ang takot nating mabuhay at mamatay. Gaya ni Maria, panghawakan natin ang pangako ng langit: walang galit, walang poot, walang kasakiman, at walang paratang. Sa halip, ang kultura sa langit ay puro pagbibigay, pagpapasalamat, pag-aalay, kapayapaan, at pag-asa. Kung sisimulan nating sanayin ito ngayon, pagdating natin doon, magugulat tayo, "walang pagkakaiba ang langit at ang lupa." Ito ang nagbibigay-kulay at halaga sa buhay natin sa mundo. Para sa taong namumuhay sa Diyos, nasa liwanag man o nasa kadiliman, mayroon laging kagalakan at pag-asa. Tanging sa gitna ng kadiliman lamang natin makikita ang ganda ng mga bituin.

6. **Nasaan ang Langit?** Ang kalangitan ay hindi basta isang lugar. Ang kalangitan ay isang katauhan, at ang pangalan ay si Hesukristo. Kung nasaan si Hesus, naroon ang langit. Kung tayo ay nasa komunidad, ramdam natin ang langit sa bawat ngiti, bati at hawak. Sa kabila ng mga pasanin sa ating buhay, maaari pa rin tayong makaranas ng ganap na kagalakan sapagkat si Hesus, na Siyang ating langit, ay laging kasama natin.

**KONKLUSYON:** Ang natupad kay Maria ay matutupad din sa ating bahay**.** Katulad ni Maria, panghawakan natin ang ating makalangit na tadhana, at tatamasahin natin ang galak na walang hanggan.

**PAGNINILAY:** Papaano ipinahahayag ng Diyos ang kahalagahan mo sa Kanya? Papaano mo maisasabuhay ang langit dito sa lupa?


**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Ma. Vera Tuplano
Tags: #Pag-asa, #Galak, #Pag-ibig, Pag-aakyat
https://lordsflock.org/teachings/digests/
https://www.facebook.com/share/v/14kKuoZBo2x/